ONLINE

SMASHED

PHILIPPINES

# SMASHED ONLINE: GABAY PARA SA GURO

# ANG MANIFESTO

Kinakatawan ng aming *manifesto* ang aming mga paniniwala kung pa'no haharapin ang *underage drinking* at ang pagbibigay ng kapangyarihan sa mga kabataan sa usaping ito.

ANG SMASHED AY ISANG URI NG EDUKASYONG NAGPAPABAGO NG KALAGAYAN SA BUHAY

ANG PAGHARAP SA USAPANG UNDERAGE DRINKING NANG MAY MATINONG KAISIPAN

ANG MAGKAROON NG ISANG HENERASYONG HANDANG HARAPIN ANG PEER PRESSURE AT KAYANG LABANAN ANG MGA DI KANAIS-NAIS NA IMPLUWENSYA

ANG KAALAMAN AY KAPANGYARIHAN

KUNG NAHIHIRAPAN DAHIL SA MGA PAGDUDUDA AT PAGDEDESISYON, MAGING HANDA SA PAMAMAGITAN NG WASTONG IMPORMASYON AT PAG-UNAWA

AT KUNG MAHAHARAP SA MGA SITWASYONG KAILANGANG MAGDESISYON, MAGING HANDANG MAGDESISYON AYON SA NALALAMAN AT NAIINTINDIHAN

SMASHED. KAALAMAN TUNGKOL SA ALAK, PAGPAPATIBAY NG ISANG HENERASYON

## TUNGKOL SA SMASHED

May karapatan ang mga kabataan sa edukasyon tungkol sa alak na tapat at nakakapagbigay ng lakas, kapangyarihan at inspirasyon. Nais naming maging boses ng positibong pagbabago para sa sampung milyong kabataan pagdating ng 2030. Ang Smashed ay nasa dalawampu't limang bansa sa buong mundo.

## ANO ANG SMASHED ONLINE?

Makabago, nakakaaliw at nakakaengganyo, ang Smashed Online ay kombinasyon ng nakakaengganyong kuwento at mga *interactive* na pamamaraan sa pagkatuto. Ikinukuwento dito ang isang makapangyarihan at makatotohanang kuwento tungkol sa mga kabataan at alak. Mapapaisip ang mga mag-aaral at mapapatanong, "Ano kaya kung ako ito?" sa loob ng isang 60 minutong *e-learning* na kurso.

## ANG MGA LAYUNIN SA PAG-AARAL

**Nagmamasid, sinusuri at pinag-iisipan ng mga mag-aaral ang mga sumusunod na mahahalagang tema ng *underage drinking*:**

- Ang mga pinag-uugatang sosyal at emosyonal na dahilan
- Ang epekto sa buhay ng mga kabataan
- Ang impluwensiyang pumapalibot at ang pagdedesisyon
- Saan at papaano makakakuha ng tulong para sa sarili at para sa ibang tao

## PAANO GAGAMITIN ANG SMASHED ONLINE

### SESSION PARA SA BUONG KLASE

- Mag-sign up gamit ang "Isa ka bang Guro?" na button bago ang klase at i-register ang laki ng klase
- Gumamit ng interactive na *whiteboard* o *projector* para kumpletuhin ang kurso bilang isang grupo
- Gamitin ang mga aktibidad na interactive para sama-samang pag-usapan ang mga dapat matutunang punto
- Gawin ang maikling student poll bago simulan ang palabas at pagkatapos ng kurso para makita ang pag-unlad ng kaalaman ng mag-aaral at para ma-download ang mga resulta. Maaring anonymous ang pagsagot ng estudyante gamit ang link sa Heads Down & Hands Up Activity!

### SA MGA INDIBIDWAL NA MAG-AARAL

- I-email ang mga *links* ng kurso sa mga mag-aaral
- *Anonymous* na mag-sign up ang mga mag-aaral
- Kukumpletuhin ng mga mag-aaral ang Smashed Online sa kani-kanilang panahon
- Aabisuhan ang mga mag-aaral na sagutan ang ilang mga simpleng tanong para makita kung nasaan na sila sa kurso
- Maaari silang gumamit ng ilang nakakatulong na *links* para sa karagdagang impormasyon, payo at paggabay

# PAGPAPALALIM NG PAGKATUTO

| | |
|---|---|
| **PAGSUSULIT** | Magbigay ng pagsusulit sa mga mag-aaral tungkol sa alak at mga panganib na dala nito. Isama sa mga tanong ang ilang mga pangyayari sa kuwento sa Smashed, pati na ang mga kinahinatnan ng pag-inom ng alak ng mga tauhan. |
| **GRAPHIC DESIGN/SINING** | Maaaring ipalaganap ng mga mag-aaral ang mga panganib na dala ng *underage drinking* sa pamamagitan ng paglikha ng mga posters o mga online adverts. Enganyuhin silang gamitin ang mga pagsubok at dilemna na hinarap ng mga tauhan sa kuwento. |
| **DRAMA** | Gamitin ng mga mag-aaral ang *storyline* bilang inspirasyon sa paglikha ng mga sariling eksena, *adverts* o dula tungkol sa *underage drinking*. Tulungan silang suriin pa ang *peer pressure* at lumikha ng mga alternatibong katapusan sa Smashed! |
| **MALIKHAING PAGSULAT** | Iimadyinin ng mga mag-aaral na isa silang kaibigan o kamag-anak ng isa sa mga tauhan sa kuwento. Ano kaya ang payong maibibigay nila sa isang email o sulat? Maaari ding magsulat sila ng isang artikulo sa diyaryo tungkol sa mga insidente sa dulo ng kuwento. |
| **PALIGSAHAN** | Laging may magagandang ideya ang mga kabataan. Magsagawa ng isang paligsahan kung saan gagawa sila ng mga pangangampanya tungkol sa mga panganib ng *underage drinking*, at ipakita ang mga gawa nila sa iba. |
| **MEDIA** | Maaaring gumawa ng mga sarili nilang pelikulang ginagaya ang mga eksena sa Smashed o kaya ay gumawa ng isang dokumentaryo tungkol sa mga panganib ng *underage drinking*. |



## PATULOY NA PAKIKIPAG-UGNAYAN

Maraming salamat sa paggamit ng Smashed sa inyong paaralan, at sa pagtulong sa pagkatuto ng mga kabataan tungkol sa *underage drinking*. Inaasahan din naming nakapagbigay ang Smashed ng makabago at nakakaaliw na karasanan sa pagkatuto na nagpapayaman sa curriculum. Sana ay maibahagi ninyo sa amin at sa iba pang mga tagapagturo ang inyong mga naging karanasan sa Smashed!


### PHILIPPINE EDUCATIONAL THEATER ASSOCIATION

**+63 2 8725 6244**
**smashedprojectph@gmail.com**
**www.facebook.com/PETATHEATER**
**www.instagram.com/petatheater**
**petatheater.com**

### SMASHED

**Twitter.com/smashedproject**
**Facebook.com/smashedproject**
**www.smashedproject.org**


Ang Smashed ay isang global education programme na nilikha ng Collingwood Learning sa UK. Salamat sa sponsorship ng Diageo Philippines, ang Smashed Online ay libre sa lahat ng paaralan.